# BUKLATIN, TUKLASIN, SURIIN:

## Mga Isyung Kulang sa Pansin

**ISYU 01**




# PAPANZINE.

Progresibong atensyon, kaalamang mapang-hamon.

# BUKLATIN, TUKLASIN, SURIIN:

## Mga Isyung Kulang sa Pansin

ISYU 01



# PAPANZINE.

Progresibong atensyon, kaalamang mapang-hamon.

# BUKLATIN, TUKLASIN, SURIIN:

## Mga Isyung Kulang sa Pansin

Ilang taon na ang nakalilipas, ngunit patuloy pa rin nating kinahaharap ang mga isyung panlipunan lalo't higit sa aspetong Kultural at Sosyo-Politikal na hindi lubusang nabibigyan ng sapat na atensyon at solusyon.

Ang Sining ay isa sa mga malayang porma na nagsusulong para sa pagtataguyod ng mga progresibong biswalisasyon at ekspresyon ng mga bagay na ating nararanasan hanggang sa ngayon. Mula sa mga usaping karapatang-pantao, taliwas na pananaw ng publiko, korapsyon, hustisya, at iba pang mga kakulangan ng ating sistema na nararapat lutasin.

Taong 2020, lalong nagbigay ng dagdag pasanin ang pandemya para sa masa. Marami ang nagtawag ng kaukulang pansin para mamulat sa tunay na hirap na dinaranas ng lahat. Kung kaya't bilang tugon sa mga isyung ito, para sa hinaing ng masa, isa ang Papanzine para maghayag at magbahagi ng kinakailangang atensyon upang pagtibayin ang pagmumulat sa masa sa pamamagitan ng mga likhang sumasalamin sa ating lipunan.

Patuloy na susulong at haharapin.

Sama-samang Buklatin, Tuklasin, at Sutiin ang mga isyung kulang sa pansin.

# NILALAMAN


Tipon sa ayuda 7

Dig-Bay 8

Bulag na Nananampalataya 9

(I)TAMA NA 10

Common Criminals under Duterte Regime 13

Sa Gitna ng Pandemya 14

Anong Silbi ng Paglikha Kung Wala Kang Ipinaglalaban 15

DYSTOPIA 16

Finding ME 17

Mulat ang iyong mga mata, ngunit patuloy pa rin ang 'yong pagbubulag-bulagan 18

Jolibi5 20

Malala Na Ang Sakit Na Pinalala Pa Lalo 22

Galit 25

Closed Encounters 26

Balita 28

Mga Pangungusap at Pagsusumamo 30

Silence is Complicity 31

PAKISAGIP NAMAN AKO BUKAS 32

REDEMPTION OF HAPPINESS 33

No To Jeepney Phaseout 35

Pandemic Employee 36

# NILALAMAN


| | |
|---|---|
| 38 | Ang Mga Boses |
| 40 | Genesis |
| 43 | Lah Ala Na |
| 44 | Piglas |
| 45 | Kalbaryo (Series #01) |
| 46 | Untitled |
| 48 | Paraisong Mulat |
| 50 | Low Pay, High Risk |
| 51 | Stop the Attacks! |
| 52 | LnL Artzine |
| 54 | Mga Matang Hindi Pinakinggan ng Pasismo Estado |
| 56 | Musika para kanino |
| 57 | Pokus |
| 58 | Lead the Front |
| 60 | It's Your Turn |
| 61 | Bakwit ng Marawi Siege |
| 62 | Pasko na Naman |
| 64 | Bestida |
| 65 | Tumingin nang Makita |
| 65 | Takot sa Liwanag |
| 66 | Rosario |

# ang mg
# kontrib

John Theodore Taleon
Musika Para Kanino
GNZP
Piyang Flores
G
Aly
JK Repdos
Shin Yap
VODKA
Jaret Co
Nickey Zacate
Ansari Macabatal
Nadia
Joy Waldas
Ola
Hyodo Musashi

# ga
# yutor

mrtwobythree
marianieart
Jaio Gogolin
JP Lopez
Kean Larrazabal
Regin De Guzman
HANNAH
Abegail Esquierda
Audrey Jaylo
Mervin Pimentel
Leemer Barbado
euzii
Kae
defjoo
dasik

# BUKLATIN, TUKLASIN, SURIIN:

Mga Isyung Kulang sa Pansin



# Tipon sa Ayuda

Acrylic on Canvas

ni John Theodore Taleon

@jatestaleonartist

www.facebook.com/chaleslagria

Tipon sa ayuda is a masterpiece of mine that took three weeks to make, it's my way of showing the struggles of each and every soul lining up for aid that isn't enough to feed their whole family, and it's also part of my patama sa fucking government series.





# Dig-Bay

Ink on Paper

ni GNZP

"Patuloy na lumalaban ang taong-bayan sa opresyon upang makamit ang inaasam na kalayaa't hustisya!"




www.facebook.com/chaleslagria



# (I)TAMA NA

Acrylic on Canvas, likha ni G

Grabe!Maling-mali na Masyadong nang abusado
Galawang beterano sa larangang panloloko
Halos lahat na kinukuha
Wala pang malasakit sa mga nasa ibaba Magbibigay kakarampot
Isang dakot, isang supot
Tipid na tipid sa pagbibigay
Kung makakuha ang tibay
Wala pang konkretong plano
Sariling hangarin lang hangad
Kung magpapa-alipin sa ibang bansa ay sagad
Nakakasuka na! Bakit ganyan ka
Sa susunod na halalan
May balak ka pa 'atang tumakbo Punyetang plano
Maawa ka naman sa mga tao
Hirap na hirap na sila sa'yo tama na panloloko.




# Bulag na Nananampalataya

Ink sa Papel, ni Piyang Flores

www.facebook.com/munting.nilalang1
@alumpihitt

ngunit paanong ang mga matang lumuluha
sa pagpapakasakit ng dakilang anak
ay siya ring mga matang puno ng galak
'pag ang balita'y mga kapwang sinisiil at sinisindak?

ngunit paanong ang mga labing nanginginig
tuwing binibigkas ang panalangin
ay siya ring mga labing ngumingiti
'pag ang balita'y mga kapwang pinapaslang?



Tinatalakay ng ilustrasyon at ng kalakip na tula nito ang duwalidad sa kaugalian ng relihiyosong Pilipino. Nananampalataya sila sa mahabaging Diyos na lumubog sa masa subalit bulag sila sa karahasan ng estado—taliwas sa mga aral ng pagpapahalaga sa buhay ng tao at paglaban sa mapang-abusong awtoridad.

# Common Criminals under Duterte Regime

Digital Art ni Aly





FB: itsmeazzylla
IG: @davinkyy_

Libo-libong disente ang nakulong at pinaslang sa rehimeng Duterte. Hanggang sa pinasa ang Anti-Terror Law mas naging matalim ang pangil ng pamamasismo niya. Magsasaka, Estudyante, Titser, Doktor, Magulang, Kabataan, Nurse, Artist at Aktibista. Isa yan sa mga nilabel-an na kalaban "daw" ng estado na tinatawag na mga "Terorista". Kahit sinong indibidwal na tanging ginawa lang ay ipaglaban ang karapatan ay pararatangan na terorista. Mas nakakatakot dahil sa binigay ng pangulo na kapangyarihan sa mga pulis at militar. Kaya hindi kataka-taka na maraming bangkay ang nagkalat sa bansa.


· SUPREME COURT ·

@jkartist_yt www.youtube.com/c/JKArt



# Sa Gitna ng Pandemya

Mixed Media, ni JK Repdos

This piece voices out the situation of people that are underprivileged during this dilemma of a pandemic.



# Anong Silbi ng Paglikha Kung Wala Kang Ipinag-lalaban



Ink on paper,
poster paint,

ni Jaret Co

linktr.ee/jaretco





# DYSTOPIA

ni Shin Yap

We're living in a fantasy
breathing in a dystopian
symphony.



IG: @Shin.xyz / @zshin_Yap

FB: Shin Yap

## Finding ME


Digital Art ni Shin Yap



A century of agony just to
embrace the person we are.
LGBTQIA+ community




**Mulat ang iyong mga mata,**
**ngunit patuloy pa rin ang**
**'yong pagbubulag-bulagan**



Charcoal on paper

ni VODKA



www.facebook.com/vodka2222
@vodka_22oz

Nakikita mo na ang
lahat ngunit wala ka pa
ring pakialam, bulag ka.

BULAG!BULAG!BULAG!

Daig mo pa ang mga
taong may kapansanan, pero
hindi bulag sa katotoohanan.





537 Php - Arawang sahod
67.125 Php - Sahod kada oras
72 php - Spaghetti w/ Drink

+hindi regular

TOTAL ORDER = fuckkthisshit
mas mahal pa spaghetti sa lakas pag-gawa



* Base sa 2021 National Minimum Wage sa NCR kinangina

# Jolibi5

Digital Art

ni Nadia



IG: @bice.crafts / @n4di4b3c3
www.nadiab3ce.wordpress.com

Isang pahina mula sa isang online zine na tumatalakay sa kontraktuwalisasyon at pagkalulong ng tao sa fastfood na umusbong sa gitna ng issue ng prinitong tuwalya.


DUE L
M O
TUTA
2020-2021


19

# Malala Na Ang Sakit Na Pinalala Pa Lalo

Digital Art

ni Ola



IG: @peculiar_ola

Inakala nating tutulungan nila tayong gamutin ang ating mga sarili, ngunit mali pala ang pag-asang inihandog nila. Sarado ang kurtina, tuloy lang ang operasyon, masahol pa sa masahol, walang pinalampas na okasyon. Tila ba pinagtitripan na lang tayo ng sistema, isang malaking eksperimentong kasadlakan ang ang patutunguhan—patuloy lang na dadami ang ating mga problema at tila ba'y di natin masasabing tunay tayong malaya.

# Galit

Digital Illustration ni Hyodo Musashi




Galit sa administrasyong puno ng katiwalian
Galit sa mapang-abusong pulisya
Galit sa takip-mata at tainga sa inkompetensya ng gobyerno
Galit sa unti-unting kawalan ng soberanya
Galit sa patriyarkang lason sa lipunan

FB: Musashi Hyodo IG: @hyodo.musashi Twitter: @hyodomusashi







FB: www.facebook.com/mrtwobythree
www.facebook.com/kilidann



Digital Art

ni mrtwobythree

The more we fear something, the more that we are being strayed further away, leading to ignorance.

# Closed Encounters




# Balita

Digital art; Comics; Illustration

ni marianieart






A satirical remake of the daily mind melting news in the Philippines. Serbisyong totoo nga ba?

FB: marianieart IG: @marianieart Twitter: @marianieart

# mga pangungusap at pagsusumamo

Pen and Ink on paper

ni Jaio Gogolin
IG: @jaioscuro

Tungkulin ng sining na pangalagaan ang kalayaang magpahayag sapagkat ang sining mismo ay isang adbokasiya. Iniaalay ang sining na ito para sa mga napiping sigaw, sa mga pangungusap na tinuldukan nang 'di tapos, sa mga tulang 'di mapunan ng tugma, at sa mga paglalarawang 'di na nasikatan ng araw.



# Silence is Complicity





Mixed media on Canvas

ni Kean Larrazabal
IG: @keanlarrazabal

"Our lives begin to end the day we become silent about things that matter."
Martin Luther King Jr.


"
again,
MERALCO
Ang liwanag ng bukas
Page 1 of 2
Previous Billing
Please pay immediately
Total Amount Due
₱ 38,660.81
RAIN OR SHINE
LOPEZ
2021




FB: www.facebook.com/ juan.paulo.5454

IG: @Dibuho_y

32

# PAKISAGIP NAMAN AKO BUKAS

Mixed Media / Collage

ni JP Lopez

Nakakapagod, Nakakasulasok, Nakakapagod, Nakakapanglata, Naghihikahos, Nagtataka, Nagdarasal, Natutulala, Nasusuka 'di ko na kayang sikmurain ang sistema pakisagip naman ako 'di ko na kaya.

33


# REDEMPTION OF HAPPINESS

Mixed Media / Collage

ni JP Lopez

Hinihibang tayo ng iba't ibang anyo ng ganda, aliw at pakulo nila. Nakakalitaan na natin ang totoo biktima ay ang mga manggagawa na nagsasakripisyo dahil sa isang sakim at mapang-aping kumpanya.




# No to Jeepney Phaseout

Digital Art ni Kae


NEO
ORMS
SHOW ABOUT "LIVING"
AN ENDLESS
UNCERTAINTIES OF
THE QUARANTINE
STARRING!!
ARCH 2020 TILL ???
Good Job
Just keep on going!

# Pandemic Employee

Watercolor on on Paper

ni HANNAH
IG: @IG: hnnh_salting

Dito sa aking sulok naghahanda
Suot ang maskara para magpanggap
Sa entabladong puno ng pagka-uhaw, gutom at putla
Sa kwentong walang katapusang pang-aalipusta

Sa kwento'y kunyari tayo'y masaya,
May solusyon lahat ng problema at tayo'y ligtas,
Sa kanilang mga baril, yun ang sabi nila
Sa pagpatay ng ilaw, balik sa aking sulok,
Maaga pa bukas...

Nakakapagod na....




"Ito'y mga boses naririnig ko at ito'y patutuloy lang, pansinin ang nasasaktan sa mga boses naririnig."





IG: @audreyjaylo
FB: www.facebook.com/audreylegaspijaylo/



# Ang Mga Boses

Digital Illustration ni Audrey Jaylo


Ligo
SINCE 1954
2020
CHINGCO
Ligo
SINCE 1954
FROM THE
OF THE AIR
FOR PHILIPPINE SALES ONLY
NOT FOR EXPORT
HACCP
CERTIFIED
NET WT. 155g
JOB
INSTANT
PAYLESS
ESPESYAL
No more tourist




Twitter: @faithfuldscpl

IG: @defjoo

FB: www.facebook.com/cj.dimarucut

# Genesis

Mixed Media Collage

ni defjoo

"Genesis" depicts a narrative of the Philippines amidst the height of the COVID-19 pandemic through a collage of cut and pasted old newspapers, magazines, and wrappings of received ayuda goods.

# Lah Ala Na

Graphite and Ink on Recycled Kraft Paper Bag

ni defjoo

"Lah Ala Na" is an artwork taken from PRRD's statement last August of last year. The Philippines' outstanding debt stood at P9.615 trillion as of end-August 2020, however, with the President's alarming remark, it seems to be not enough in aiding the Filipino people in this time of crisis. This then asks the question: How are these borrowed funds being spent?


WALA NA
TAYONG PERA
NGAYON






## Piglas


Digital Collage ni dasik
IG: @dasiklives



# KALBARYO (Series #01)

Digital Art
ni Mervin Pimentel

Digital Art ni Mervin Pimentel




TRUST ME!



# Paraisong Mulat

Ink on paper ni Leemer Barbado

IG: @cauiee



Tulad nga ng sabi sa kasabihan "Kapag namulat ka sa katotohanan kasalanan na ang pumikit." Minsan, kapag ginawa mo ang hindi karaniwang ginagawa ng iba, ipapakita nito ang mga bagay na hindi mo karaniwang nakikita. Pag mulat ka sa kalagayan ng lipunan, minsan maiisip mo na wala nang kahayupan ng estado ang nakakagulat para sayo. Pero araw-araw pinapatunayan ng estado na kaya nilang higitan ang bawat kahayupan. Araw-araw ay may bagong patunay bakit kailangang manindigan at makita ang katotohanan.







## Low Pay, High Risk

Mixed Media Collage ni euzii

Ang ating mga health workers ay nagsisilbing mga bagong bayani ngayong panahon ng pandemya ngunit kulang na kulang parin ang pagbibigay ng suporta sa kanila at sa ating healthcare system.




## Stop the Attacks!


Mixed Media Collage ni euzii

Ang paglaban para sa karapatan
ay hindi terrorismo.



Instagram: @sincerelyeuzii
Twitter: @zypherdurdur
Tumblr: sincerelyeuzii.tumblr.com




MANININGIL NG BUHAY
MASABI LANG NA
MAY DANGAL




# Latak ng Lipunan ArtZine

(LnL zine)

ni Joy Waldas



Ang LNL Artzine ay isang pakiramdam na naipon naimbak. Isang kaguluhan sa likod ng isip.

# Mga matang hindi pinakinggan ng pasismo estado

kuha ni
Jose Santos
(Musika Para Kanino)

IG: @manila.visual










Musika Para Kanino kuha ni Jose Santos IG: @manila.visual



# Pokus

kuha ni Aly



Sa lumalalang isyu ng pamamaslang, pagpapahirap, at korapsyon sa bansa. May iilang kababayan na nagbubulag-bulagan pa rin kahit harap-harapan ang panggagago ng gobyerno. Pasismo. Korap. Pahirap. Yan ang tatak ni Pangulong Duterte. Panahon at oras na para magpokus tayo sa ugat na problema na kinakaharap ng bansa. Iba't ibang lente pero iisa ang kahulugan.

# Lead the Front

kuha ni Nickey Zacate
IG: @nickeyframe


48th Martial Law
Anniversary
at UP Diliman.



**"If we do not act, who will act?
If we do not care, who will care?
If not now, when"**

-Ditto




kuha ni
Nickey Zacate
IG: @nickeyframe
It`s Your Turn
Commemoration of 35th EDSA anniversary.
“When there is an act of tyranny. We must resist.“



# Bakwit ng Marawi Siege

kuha ni Ansari Macabatal



This photo was taken during May 26, 2017 when the Islamic City of Marawi was beseiged and forced evacuations of Maranao settlers have to trek unto neighbouring localities to avoid being victims of any crossfire.

**Pasko na Naman** kuha ni Jaret Co



Pasko na naman. Ganito pa rin tayo. Ano bang nagbago?





# Bestida

kuha ni Regin De Guzman

FB: www.facebook.com/regin.deguzman.13
Twitter: www.twitter.com/iam_apressure
IG: @thewreckginnnnn



"Somebody's excess is someone's necessity.
I was in a community pantry when I saw a young girl trying to joyfully bragging a dress she picked up from the declutter clothes."

## Tumingin nang Makita

Ang emosyon ng mga bata ay hindi mapanlinlang, Ang pagbibigay pansin sa bawat galaw ng kanilang mga mata ay pagtanaw sa reyalidad.



Mga Kuha ni Abegail Esquierda
IG: @am_aah_bee

## Takot sa Liwanag

Takot ang maraming Pilipino sa pagbabago sapagkat namuhay sila sa limitasyon. Kung kaya't mas mainam pa sa iilan na magtago sa dilim at manatili sa nakasanayan.





# Rosario

ni Nadia

IG: @bice.crafts, / @n4di4b3c3
nadiab3ce.wordpress.com

Nagrorosario si Aling Rosario, hindi man ganoong
katimtim, sinusubukan niya pading kausapin ang
Birheng Maria habang nagaabot ng mga bayad ng
katabing pasahero. Glory be to the father to the
son and isang Manggahan National Highschool
studyante daw, Amen.

Sumakay ng jeep na may karatulang "God knows
Hudas not pay" patuloy ang bulong ni Aling Rosario
patungong Rosario General Hospital,
Hudas not pay, pano ba yan hudas kulang lang nabayad ko
Suma total sa sikwentang aba ginoong maria, limang
ama namin at glory be at ang pagsambit sa lahat ng Reyna,
pero kailangan umupong sexy.
O, Jesus ko, iligtas mo kami sa kamay ng impyerno,
pwera si manong na di marunong gumamit ng
kambyo, nalalaglag na ko!!!

Araw araw, Aba ginoong maria, jeep na paiba-iba
nawa'y tanggapin ng drayber ang kulang na barya
Ang unang misteryo ay pagkakaroon ng tumor ni
Aling Rosario ang counterpart niya sa agony in the garden,

Mahirap nga, na makita ang sarili na wangis ng panginoon,
di naman din napako si hesus dahil nasa lahi nila ang mapako,
kaya mahirap din ilagay sa sitwasyon na bakit di na lang
nagkakanser si jesus at na di naman dapat magsakripisyo
kung healthy ka namang tao pero nagdadasal padin si Aling Rosario,
Magdadasal. Magbabayad. Bababa. Magdadasal.
Magdadasal. Mangkukupal. Magdadasal. Maglalakad. Magoospital.
Magpapakuha ng dugo. Aattend ng chemo. Bawat kibot. magdadasal.
bawat hinga ay may kalakip na pasuyo sa Birhen para pagalingin siya.
Nagsasalitan ng kamay si Aling Rosario, madali na kasing mangawit
para maisabay ang chemo at ang pagkiskis ng mga daliri.
Mary kung ako nga kaya kong paluin yung anak ko kung di sila
nakikinig, baka naman puwede mong sabihin ulit na pagalingin ako,
madali lang yun diba parang tinapay at wine.
E sila Mary, mga doktor lang sila.
Hindi na muling sumakay ng jeep si Aling Rosario, inubos ng
gamot ang natitira niyang lakas para mapansin ang mga bagay
bukod sa jeep, rosario at ospital.

Sa huling hininga niya, hinanap niya si Mary, ang kanyang anak
Siya pala ang palaging kasama, malayo man ang loob ang isa't isa,
sinamahan niya ito sa ospital, isinabit na lamang niya ang pulang
rosario katabi ng litrato ng ina. Wala nga namang langit na kung
matagal nang sinunog ng impyerno ang kaniyang katawan sa lupa.
Kinalimutan ng Ina ang kanyang anak para sa panampalataya. Pero
magdadasal padin, hindi dahil sa kawalan ng kalangitan at eternal na
buhay, kung hindi dahil kailangang may paniwalaan.

# PASASALAMAT

Bilang parte ng materyalisasyon ng isang thesis na "*PAPANZINE: Creating Radical Change in Filipino Culture and Socio-Political Aspects through Zines*" ng isang Visual Communication student mula sa Philippine Women's University, maraming salamat sa mga pumansin, nagpa-unlak sa imbitasyon, at kusang nag-bahagi ng kanilang mga likha, larawan, at mga saloobin para mabuo ang unang isyung ito.

Pasasalamat sa mga sumuporta at naglaan ng oras para mabigyang buhay ang isang baguhang zine sa publiko. Higit sa lahat, pagbati para sa mga taong patuloy na tumitindig para sa bayan gamit ang sariling kakayahan, sining, at iba pang porma ng pagsulong para sa mga karapatan na dapat matamo at mga hinaing na dapat mapansin ng lipunan.

Para sa bumuklat, tumuklas, at sumuri nitong zine; MARAMING SALAMAT! Nawa ay nakapagparating ito ng mensahe at atensyon tungkol para sa iyo.

Ang kolaborasyong ito ng PAPANZINE at ng mga manlilikha ay patuloy na iiral at sasalamin sa mga Kultural at Sosyo-Polikal na sitwasyon.

**BUKLATIN,
TUKLASIN,
SURIIN:**
Mga Isyung Kulang sa Pansin

"Progresibong atensyon, kaalamang mapang-hamon."

@papanzine @papanzine papanzineart@gmail.com